Republic of the Philippines
Department of Education

APR 0 2 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 147 , s. 2009

PAMBANSANG LEKTYUR-DEMO SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan ng mga Dalubguro sa Wika, sa tangkilik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Lektyur Demo-Worksyap sa Filipino sa paksang "Repormang Instruksyonal: Hamon sa Pagpapataas ng Kalidad sa Pagtuturo".

2. Ang mga gawaing ito ay isasagawa sa tatlong magkakahiwalay na petsa at lugar:

| | | |
|---|---|---|
| RELC-Lapasan, Cagayan de Oro<br>Cagayan de Oro City | - | Mayo 20-22, 2009 |
| Applied Nutrition Center<br>Banilad, Cebu City | - | Hulyo 2-4, 2009 |
| RELC, Rawis, Legazpi City | - | Agosto 6-8, 2009 |

3. Layunin nito na:

a. magbaliktanaw sa mga kalakasan at kahinaan sa pagtuturo, pokus sa binagong kurikulum;
b. matalakay ang mga punto ng repormang instruksyonal na makaagapay sa hamon para sa pagpapataas ng kalidad ng pagtuturo; at
c. mapataas ang kalidad ng pagtuturo pokus sa kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

4. Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga kinatawan ng mga pang-estado at pribadong paaralan at mga piling guro na kakatawan sa mga paaralang elementarya, sekondarya at tersyarya.

5. Ang lahat ng mga dadalo ay magbabayad ng Isang Libo at Tatlong Daang Piso (PhP1,300.00) para sa aklat sa pagtuturo, bag, honoraria ng mga tagapanayam, magdedemo, program director, program coordinator, facilitator/moderator, encoder at sekretaryat at iba pang gastusin kaugnay ng gawaing ito. Walang tiyak na halaga para sa honorarium dahil ang token na ibibigay ay batay sa bilang ng mga dadalo. Hindi kasama sa nabanggit na

halaga ang pagkain at tirahan. Ang kasapian ay libre. Ang pagkain, tirahan, pamasahe mula sa pinanggalingan patungo sa lugar ng Pambansang Lektyur-Demo at pabalik ay manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit. May 10% discount ang mga kasapi ng 2009-2010. Dalhin ang ID ng kasapian.

6. Ang sinumang nagnanais na magpareserba ng tulugan at pagkain, mangyaring makipag-ugnay sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| RELC-Cagayan de Oro | Gng. Lucille F. Tesoro<br>ES II-DepED Regional Office X<br>Cagayan de Oro<br>Tel. no.: 722-651<br>Mobile no.: 0908-9294-018 |
| Applied Nutrition Center | Dr. Luz Allac<br>ES II-DepED Regional Office VII<br>Cebu City<br>Tel. no.: 414-7324<br>Mobile no.: 0918-3489-701 |
| RELC-Legazpi City | Dr. Regina A. Clariza<br>ES II-DepED Regional Office V<br>Rawis, Legazpi City<br>Tel. nos.: 820-2663/820-4045<br>Mobile no.: 0919-3968-655 |

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**VILMA L. LABRADOR**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 257, s. 2007
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
TEACHERS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS

R-Maricar/DM-Lektyur-Demo
03-13-09